Ang Mabuting Samaritano

Contributed by Administrator
Thursday, 03 July 2008

May isang taong nanlalakbay buhat sa Jerusalem patungong Jericho. Hinarang siya ng mga tulisan, kinuha pati damit sa katawan, binugbog at halos patay na nang iwan. Nagkataong dumaan doon ang isang saserdote at pagkakita sa taong nakahandusay, siya'y lumihs at nagpatuloy sa kanyang lakad. Dumaan din ang isang Levita, ngunit tiningnan lamang niya ito at nagpatuloy ng kanyamg lakad. Ngunit may isang Samaritanong naglalakbay na napadaan doo. Nakita niya ang hinarang at siya nahabag. Lumapit siya, binuhusan ng langis at alak ang mga sugat nito at tinalian. Saka isinakay ang tao sa kanyang sinasakyang hayop, dinala sa bahay-panuluyan, at inalagaan doon. Kinabukasan, dumukot siya ng dalawang denaryo, ibinigay sa may-ari ng bahay-panuluyan at sinabi, "Alagaan mo siya, at kung magkano man ang kakulangan niyan, babayaran ko sa aking pagbabalik."

MENSAHE:

Sino nga ba abg tunay na nagmamahal sa kanyang kapwa? Ito ang katanungan sinagot ng Panginoong Hesus sa pamamagitan ng parabulang ito . At maliwanag ang kasagutan. Ang tunay na nagmamahal sa kanyang kapwa ay yaong gumagawa ng kabutihan ditto. Gumagawa ng kabutihan ngunit hindi umaasa ng anumang kapalit. Ipinakita rin sa parabulang ito na hindi basehan ng pagiging maka-Diyos ang relihiyon at anyo. Nasa gawa ang tunay na pananampalataya, at ang pinakamabisang paraan upang maipahiwatig ito ay sa pamamagitan ng pagmamahal mo sa iyomg kapwa.